



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-1 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

HUWAG MAGPAHULI! IBALIK ANG INYONG BALOTANG PANGKOREO PARA SA ELEKSYON NG DISTRITO NG IKA-79 NA ASEMBLEYA

Kung kayo ay isang botante ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya at pinanghahawakan pa rin ang inyong balotang pangkoreo, kumilos na at bumoto mula sa inyong tirahan nang kumportable. Pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalik, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa isang [pinagkakatiwalaang source](#).

Maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, hindi na kailangan ng postage, o sa isa sa maraming convenient na mga [mail ballot drop-off location](#) sa buong distrito.

Siguraduhing bisitahin ang [website](#) ng bawat lokasyon para sa mga oras ng operasyon bago pumunta para ibalik ang inyong balota.

Ang mga balotang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa buong linggong ito ay mapoproseso nang nasa oras para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon na ipinapahayag agad pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Kung mas maaga ninyong mababalik ang inyong balotang pangkoreo, mas maagang mapoproseso ito ng staff ng Tagapagrehistro para mabilang.

Ang mga nakatira lamang sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya ang maaaring bumoto sa eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Kung nais ninyong bumoto nang in-person ang opsyong iyon ay available din. Maaari ninyong gawin ito:

- Sa [opisina ng Tagapagrehistro](#): Huwebes, Ika-1 ng Abril, Biyernes, Ika-2 ng Abril, at Lunes, Ika-5 ng Abril mula ika-8 ng umaga – ika-5 ng hapon.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-1 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

- Sa inyong [itinalagang lugar ng botohan](#) o opisina ng Tagapagrehistro sa Araw ng Eleksyon, Martes, Ika-6 ng Abril, kung kailan ang mga oras ng pagboto ay magbabago mula ika-7 ng umaga – ika-8 ng gabi.

Sa eleksyong ito, ang lahat ng in-person na mga botante ay mamarkahan ang kanilang balota sa isang [ballot marking device](#). Ang device na ito ay hindi nagtatago, nagtatala o nagbibilang ng anumang mga boto. Pagkatapos kumpirmahin ng botante ang kanilang seleksyon sa device, ipi-print ng botante ang kanilang balota, suriin ito, at ilagay ito sa loob ng kahon ng balota para mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro sa gabi ng eleksyon.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

